

Bakuna sa Td

(Tetano at Dipterya)

Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang **tetano** at **dipterya** ay napakalubhang mga sakit. Ang mga ito ay bihira sa United States ngayon, ngunit ang mga tao na naimpeksyon ay madalas na magkaroon ng mga matitinding komplikasyon. Ang bakuna sa Td ay ginagamit upang maprotektahan ang mga kabataan at nasa edad mula sa parehong mga sakit na ito.

Ang parehong tetano at dipterya ay mga impeksiyong dulot ng bakterya. Kumakalat ang dipterya sa mga tao sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahin. Ang bakterya na nagdudulot ng tetano ay pumapasok sa pamamagitan ng mga hiwa, gasgas, o sugat.

Ang **TETANO** (Lockjaw) ay nagiging sanhi ng masakit na paninikip at paninigas ng kalamnan, na karaniwang nangyayari sa buong katawan.

- Maaari itong humantong sa paninikip ng mga kalamnan sa ulo at leeg kung kaya't hindi mo maaaring buksan ang iyong bibig, lumunok, o kung minsan kahit huminga. Ang tetano ay pumapatay sa humigit-kumulang 1 sa bawat 10 tao na na-impeksiyon kahit pagkatapos na makatanggap ng pinakamahusay na medikal na pangangalaga.

Ang **DIPTERYA** ay maaaring maging sanhi upang mabuo ang isang makapal na balot sa likod ng lalamunan.

- Maaari itong humantong sa mga problema sa paghinga, pagkaparalisa, pagpalya ng puso, at kamatayan.

Bago ang mga bakuna, kasindami ng 200,000 kaso ng dipterya at daan-daang kaso ng tetano ang ini-ulat sa United States bawat taon. Mula ng nagsimula ang pagbabakuna, ang mga ulat ng mga kaso para sa parehong sakit ay bumaba nang humigit-kumulang 99%.

2 Bakuna sa Td

Ang bakuna sa Td ay magpoprotekta sa mga nagbibinata't nagdadalaga at mga taong nasa wastong edad mula sa tetano at dipterya. Karaniwang ibinibigay ang Td bilang isang booster na dosis tuwing 10 taon ngunit ito rin ay maaaring ibigay nang mas maaga pagkatapos ng isang matindi at maruming sugat o paso.

Ang isa pang bakuna, na tinatawag na Tdap, na nagpoprotekta laban sa pertussis bilang karagdagan sa tetano at dipterya, ay paminsan-minsang inirerekomenda sa halip ng bakuna sa Td.

Ang iyong doktor o ang taong nagbibigay sa iyo ng bakuna ay makapagbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon.

Ang Td ay maaaring maibigay nang ligtas kasabay ang iba pang mga bakuna.

3 Ang ilang mga tao ay hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

- Ang isang tao na nagkaroon na ng isang allergic na reaksiyon na naging banta sa buhay pagkatapos ng isang naunang dosis ng anumang bakuna na naglalaman ng tetano o dipterya, O may matinding allergy sa anumang bahagi ng bakunang ito, ay hindi dapat tumanggap ng bakuna sa Td. *Ipaalam sa taong nagbibigay ng bakuna ang tungkol sa anumang mga matitinding allergy.*
- Makipag-usap sa iyong doktor kung ikaw ay:
 - nagkaroon ng *matinding* pananakit o pamamaga pagkatapos ng anumang bakuna na naglalaman ng dipterya o tetano,
 - nagkaroon ng kondisyong tinatawag na Guillain Barré Syndrome (GBS),
 - hindi mabuti ang pakiramdam sa araw na naka-iskedyul ang pag-iniksiyon.

4 Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may isang tsansa ng mga side effect. Ang mga ito ay karaniwang banayad at kusang nawawala. Ang mga malulubhang reaksiyon ay posible rin ngunit bihira.

Karamihan sa mga tao na nakakakuha ng bakuna sa Td ay hindi nagkakaroon ng anumang mga problema sa mga ito.

Mga Banayad na Problema pagkatapos ng bakuna sa Td: *(Hindi nakakaabala sa mga aktibidad)*

- Pananakit kung saan ibinigay ang iniksiyon (humigit-kumulang 8 tao sa 10)
- Pamumula o pamamaga kung saan ibinigay ang iniksiyon (humigit-kumulang 1 tao sa 4)
- Banayad na lagnat (bihira)
- Pananakit ng ulo (humigit-kumulang 1 tao sa 4)
- Pagkapagod (humigit-kumulang 1 tao sa 4)

Mga Katamtamang Problema pagkatapos ng bakuna sa Td: *(Humadlang sa mga aktibidad, ngunit hindi nangangailangan ng medikal na atensiyon)*

- Lagnat na mas mataas sa 38.9°C (102°F) (bihira)

Mga Matitinding Problema pagkatapos ng bakuna sa Td: *(Hindi magawa ang karaniwang mga aktibidad; nangailangan ng medikal na atensiyon)*

- Pamamaga, matinding pananakit, pagdurugo at/o pamumula sa braso kung saan ibinigay ang iniksiyon (bihira).



Mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna:

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang isang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang humigit-kumulang 15 minuto makalipas ang pagbabakuna ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay, at mga pinsalang dulot ng pagkatumba. Sabihin sa iyong doktor kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.
- Ang ilang mga tao ay nagkakaroon ng matinding pananakit sa balikat at nahahirapan sa paggalaw ng braso kung saan ibinigay ang iniksiyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay napakabihira, na tinatayang mas kaunti sa 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkaraan ng pagbakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: www.cdc.gov/vaccinesafety/

5 Paano kung may isang malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Magbantay para sa anumang bagay na ikakabahala mo, katulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon ang mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Nagsisimula ito kadalasan nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa iyong palagay na isa itong matinding allergic na reaksiyon o iba pang emerhensiya na hindi makapaghintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring isumite ng iyong doktor ang ulat na ito, o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

6

Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga taong maaaring napinsala ng mga partikular na bakuna.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng isang bakuna ay maaaring may matutunan tungkol sa programa at tungkol sa pagsampa ng hiling na bayaran sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o sa pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation. May limitasyon sa panahon ang paghain ng hiling para sa kabayaran.

7

Paano ako maaaring karagdagan pang matuto?

- Tanungin ang iyong doktor. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Kontakin ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
 - Bumisita sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement
Td Vaccine

04/11/2017

Tagalog

42 U.S.C. § 300aa-26

Office use only

